HINDI KALAKAL ANG TAO

Isang Praymer Laban sa Trafficking

Kanlungan Centre Foundation, Inc.
International Labor Organization

Kanlungan Centre Foundation,Inc.,
Center for Migrant Workers
#77 K10th Street, Kamias, 1102 Quezon City, Philippines
Tel No. (632) 928-2384 Telefax No. (632) 433-09-53
Cell No. 09176201398
e-mail: kcfi@philonline.com ● website: www.kanlungan.ngo.org

ILO Subregional Office
for South-East Asia and the Pacific
19th Floor, Yuchengco Tower, RCBC Plaza
6819 Ayala Ave., 1226 Makati City
Tel. No: 580-9938, 580-9900
www.ilo.org

Writers: Alladin S. Diega, Roryvie Ilumin
Editor: Nena Fernandez

PANIMULA

Kalagayan ng human trafficking sa Pilipinas

Kilala ang Pilipinas na pinagmumulan, pinagdaraanan, at isang destinasyon ng *human trafficking*. Bumibiktima ang krimen na ito ng mula 20,000 hanggang 100,000 sa bansa kada taon. Batay sa 2006 *US Department of State Human Rights Report*, kababaihan at mga bata ang karaniwang biktima ng *trafficking*.

Malaking bilang ng mga biktimang ito ang dinadala sa Saudi Arabia, Kuwait, United Arab Emirates, Qatar, Bahrain, Malaysia, Hong Kong, Singapore, Japan, South Africa, North America, at Europa. Mula sa pinagsamang pagtaya ng gobyerno at iba't-ibang *non-government organization* na lumalaban sa *trafficking*, umaabot sa 300,000 ang mga

babaeng nabibiktima ng *trafficking*, samantalang mula 60,000 hanggang 100,000 ang mga batang nata-*traffick*.

Malawak ang potensiyal na maaabot ng *trafficking*. Ang kahirapan at kawalan ng trabaho sa Pilipinas halimbawa ang nagtutulak sa maraming Pilipino, babae man o lalake, na umalis upang magtrabaho sa ibang bansa. Malaking bilang sa kanila ang nasasadlak sa mapagsamantalang kalagayan na sa kalimitan ay may elementong *trafficking*. At dahil isang programang pang-ekonomiya ng gobyerno ang pagpapadala ng mahigit sa 3,000 Pilipinong manggagawa sa ibang bansa kada araw, hindi mahirap sa *traffickers* ang maghanap ng kanilang biktima sa Pilipinas.

Malawakang korupsyon sa lahat ng antas ng gobyerno ng Pilipinas ang dahilan kaya madali sa mga *organized crime group* at *trafficker* na patuloy na maisagawa ang kanilang mga iligal na gawain, ayon naman sa 2007 *US Department of State Trafficking in Persons Report*. Korupsyon naman sa antas ng pulisya na inaasahang magpapatupad ng batas laban sa *trafficking* ang partikular na problemang tinitingnan sa mabagal na usad ng programa laban sa *trafficking*.

Reintegrasyon: Matapos makaligtas sa trafficking, paano na?

Maliban sa dinanas ng biktima ng *trafficking*, mabigat din ang problemang haharapin niya sa pagbabalik sa kanyang komunidad sa Pilipinas. Apektado ng *social stigma* at emosyonal na problema ang anumang pagsisikap na maibalik sa dati ang buhay ng isang biktima. Ang kawalan ng trabaho na siyang dahilan ng kanyang pagkakabiktima ang naghihintay sa kanyang pagbabalik.

Bukod sa problemang sikolohikal o pang-kaisipan, haharapin din ng biktima ang ilang kagyat at praktikal na problema tulad ng pinansyal para sa pangaraw-araw na pangangailangan. Sa mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas,

limitado ang rekursong magagamit para sa reintegrasyon ng biktima, mula sa mga trabahong may kasanayan sila hanggang sa mismong tulong pinansyal sa buong panahon ng reintegrasyon. Mahalaga kung gayon ang tulungan ng iba't-ibang sektor upang maging ganap ang reintegrasyon ng mga biktima at mabigyan silang muli ng pagkakataon na maging bahagi ng kanilang komunidad.

Kasalukuyang may programa ang Kanlungan, sa pakikipagtulungan ng *International Labor Organization*, para tulungan ang ilang kababaihan na naging biktima ng *trafficking*. At dahil kumikilos sa hanay ng manggagawang migrante ang Kanlungan, biktima ng iligal na pagrerekrut ang lahat ng kliyenteng napili para sa naturang programa. Patunay na sa Pilipinas, mahigpit na magkaugnay ang illegal na pagrerekrut at pangangalakal ng tao.

Mga pamamaraan ng trafficking

- Pagrekrut bilang household worker o katulad na trabaho at pagdadala sa bahay aliwan sa mga sentrong lungsod sa Pilipinas o sa labas ng bansa

- Pagrekrut bilang household worker sa ilalim ng mapang-aliping kalagayan

- Pagrekrut, pagpapareha sa isang dayuhan sa layuning makalakal ang indibidwal

- Pag-aalok ng pera kapalit ng bahagi ng katawan tulad ng bato (kidney)

- Pag-aalok ng pag-ampon sa isang kahina-hinalang paraan

Ginagamit ng mga *trafficker* lahat ng tipo ng transportasyon para sa kanilang aktibidad upang mailipat ang mga biktima sa lugar na nais pagdalhan sa kanila. Bagong paraan ngayon ang pagmaksimisa ng *ticket promotion* ng *airline companies*. Kaugnay nito ang paggamit ng mga pekeng papeles para sa biyahe, palsipikadong permit, o binagong *birth certificate*.

Bukod sa R.A. 9208, maaring gamitin ang R.A. 8042 (*Migrant Worker's Act*). Dagdag pa rito ang R.A. 7610 o ang *Anti-Child Exploitation Act*.

Sa ilalim ng Seksyon 4 ng R.A. 9208, trafficking ang mga sumusunod:

(a) mag-rekrut, maglikas, maglipat, kumupkop, magbigay, o tumanggap ng tao, magbigay ng pagsasanay sa loob o labas ng bansa, para sa prostitusyon, sapilitang serbisyo, pang-aalipin, pagtanggal o pagbenta ng mga bahagi ng katawan;

(b) ipareha kapalit ng pera o anumang konsiderasyon sinuman sa isang banyaga, para ikasal sa layunin makalakal ang indibidwal;

(c) paggamit ng *tour travel plans* sa layuning gumamit o mag-alok ng tao para sa prostitusyon, pornograpiya, o pagsasamantalang sekswal;

(d) umupa ng isang tao para sa prostitusyon, eksploitasyong sekswal, o pornograpiya;

(e) mag-ampon o tumulong sa pag-aampon para sa layuning binanggit sa letrang (a);

(f) mag-rekrut, umupa, mag-ampon, maglikas, o magtangay ng sapilitan at may pananakot at panloloko sa layuning magtanggal at magbenta ng bahagi ng katawan;

(g) mag-rekrut, mag-likas o mag-ampon ng bata upang gamitin bilang bahagi ng sandatahang gawain sa loob o labas ng Pilipinas.

Tandaan na kahit walang direktang kinalaman sa krimen, maaari kang makasuhan kapag may kinalaman ka sa kaso ng *trafficking*.

Mas mabigat naman ang kaparusahan kapag Qualified Trafficking in Persons (Seksyon 6):

(a) bata ang biktima ng *trafficking*;

(b) pag-aampon sa ilalim ng RA 8043 at kung para ito sa prostitusyon, pornograpiya o eksploytasyong sekswal;

(c) sindikato o large scale trafficking. Sindikato kapag tatlo o higit pa ang gumawa ng krimen. Large scale kapag tatlo o higit pa ang biktima;

(d) nakatatandang kamag-anak, magulang, kapatid, guardian, may awtoridad sa biktima, o opisyal o kawani;

(e) nirekrut ang biktima para sa prostitusyon ng kasapi ng militar at pulisya o mga katulad na ahensya;

(f) namatay, nasiraan ng isip, nasailalim sa mutilisyon, o nagkasakit ng HIV/AIDS ang biktima;

Confidentiality. Sa kahit na anong bahagi ng imbestigasyon, paglilitis sa ilalim ng batas na ito, dapat kikilalanin ang

karapatan sa *privacy* ng biktima at ng nasasakdal ang lahat ng may kinalaman sa kaso.

Pagsasampa ng Kaso. Maaring magsampa ng reklamo sinumang may personal na kaalaman sa kaso, ang biktima ng *trafficking*, magulang, asawa, kapatid, o *legal guardian* ng biktima.

Mga Kaparusahan

(a) Pagkakakulong ng 20 taon at multa mula 1 hanggang 2 milyong Piso sa paglabag sa Seksyon 4.

(b) Pagkakakulong ng 15 taon at multang 500 libong Piso hanggang 1 milyon kapag nilabag ang Seksyon 5.

(c) Habambuhay na pagkakakulong at multang 2 milyon hanggang 5 milyong Piso sa *Qualified Trafficking*.

(d) Pagkakabilanggo ng 6 na taon at multang 500 libong Piso hanggang 1 milyong Piso sa paglabag sa *Confidentiality*.

(e) Kapag korporasyon, paparusahan ang mga may-ari at opisyal at permanenteng kansilasyon ng rehistrasyon sa *Securities and Exchange Commission* ng kompanya.

(f) Kapag dayuhan, agad ibabalik sa kanyang bansa.

(g) Kasong administratibo sa kawani o opisyal ng pamahalaan na tutulong sa *trafficker*, at pagkakatanggal sa serbisyo at kanselasyon ng benipisyo sa retirement.

(h) Kapag nag-ampon ang nagkasala, permanenteng pawawalang-bisa ang pag-aampon

May kaparusahan din ang sinuman na bumili o gumamit ng serbisyo ng isang biktima ng *trafficking*:

(a) Unang paglabag – 6 na buwang *community service* na maaaring itakda ng korte at multa na P50,000.

(b) Pangalawa at mga susunod pa – pagkakakulong ng 1 taon at multa na P100,000.

Kailan dapat magsampa ng kaso?

Hanggang 10 taon mula maisagawa ang krimen. Hanggang 20 taon kapag Sindikato o *Large Scale Trafficking*.

Mahalagang tandaan: May karapatan ang biktima ng trafficking na sumailalim sa *Witness Protection Program*, at iba pang tulong mula sa gobyerno.

ANO ANG MAAARING GAWIN?

Sa ngayon, may tulungan sa pagitan ng NGOs, INGOs at ilang ahensiya ng pamahalaan para sa *trafficking*. Subalit sa laki ng problema, kailangan pang paigtingin ng bawat institusyon pagsisikap na ito upang masugpo ang *trafficking*.

I. Bilang Indibidwal

- Pag-sisiyasat sa pinagmulan o pagkakakilanlan ng ahensiya o indibidwal na nagrerekrut;
- Pagkibo kapag naging biktima at pagsusumbong sa mga kilalang *non-government organizations* na lumalaban sa *trafficking* o sa kinauuulang ahensiya ng gobyerno;
- Iba pang tulong para sa mga biktima tulad ng simpleng pakikiramay upang lumakas ang kanilang loob sa pagsasampa ng kaso.

II. Komunidad

- Pagtatatag ng *Barangay Women and Child Protection Council* para sa kagalingan at proteksyon ng mga karapatan ng babae, bata at kabataan;
- Epektibo at organisadong sistema sa antas ng komunidad na magiging sentro ng pagtutulungan ng iba't-ibang sektor laban sa *trafficking*;
- Mahigpit na koordinasyon ng barangay sa mga pamilyang nasasakupan para sa mabilis na impormasyon na makatulong;
- Pagbuo ng *Traffick Watch Group* na pangunahing responsable sa komunidad upang maiwasan ang *trafficking*.

III. NGOs

- Pag-aaral at pagtukoy sa mga lugar na madalas o potensiyal na pangyarihan ng anumang tipo ng pagrekrut at iba pang katulad na aktibidad;
- Mas aktibong paglulunsad ng mga aktibidad na magpapataas ng kamulatan sa LGUs, komunidad at pamilya, hinggil sa mga panganib at epekto ng *trafficking*;
- Pag-lalatag ng isang komprehensibong pagtugon sa mga biktima ng *trafficking*;
- Pagpapaunlad sa mga pamamaraan ng paghahanap at pagsagip sa mga biktima ng *trafficking*;
- Paghikayat sa pagbuo/pag-organisa ng *TRAFFICK WATCH GROUP* at pagtatayo ng mga *survivor-friendly, one stop center*.

IV. PAMAHALAAN

- Malalim na pag-aaral na magbibigay ng datos hinggil sa lawak ng *trafficking* sa loob at labas ng bansa.
- Pagpapaunlad sa kakayahang maipatupad ang layunin ng kampanya laban sa *trafficking*, kasama na mga plano

upang mapanatili ang proteksyon ng mga biktima at iba pang tulad na serbisyo.

- Komprehensibong programa para sa rehabilitasyon/ reintegrasyon sa mga naging biktima ng *trafficking*.
- Pag-iibayo sa kakayahan ng mga hukuman na duminig ng ganitong mga kaso;
- Pag-iibayo sa kakayahan ng pulisya at mga katulad na ahensiya sa kakayahang humawak ng ganitong kaso upang mabuwag ang mga sindikatong ng *trafficking*;
- Pagbubuo ng mga grupo mula sa hanay ng mga opisyal sa pamahalaan sa iba't-ibang ahensya na tututok sa trafficking;
- Pagtugon sa iba pang isyu ng *trafficking* tulad ng: kahirapan, kawalan o kakulangan ng trabaho at digmaan.

KANINO PUWEDENG LUMAPIT?

Inter-Agency Council Against Trafficking. Binubuo ito ng Kalihim ng DOJ bilang Chairperson, ng DSWD bilang Co-Chairperson, at pinakamataas na opisyal ng: DFA, DOLE, POEA, PNP, NCRFW, 3 kinatawan mula sa NGOs bilang kasapi.

Maaring mahingan ng tulong

Bureau of Immigration
BI Bldg., Magallanes Drive Intramuros, Manila
Tel.: 1-800-100-254367 (24/7 Toll Free),
63 (02) 527-3260, 527-3248
Web site: http://www.immigration.gov.ph/

Commission for Filipinos Overseas (CFO)
Citigold Tower 1345 Quirino Avenue
corner South Super Highway, Manila Philippines
Tel.: 63 (0) 2-561-8321, Fax: 63 (0) 2-561-8332
E-mail: cfodfa@info.com.ph or cfomieo@info.com.ph
Web site: http://www.cfo.gov.ph

Department of Foreign Affairs
Office of the Undersecretary for Migrant Workers' Affairs (OUMWA)
2330 Roxas Boulevard Pasay City Philippines
Tel.: 63 2 834-4000; 4996, Fax: 63 2 832-0683
E-mail: olamwa@dfa.gov.ph and cad@dfa.gov.ph
Web site: http://www.dfa.gov.ph

Department of the Interior and Local Government (DILG)
A. Francisco Gold Condominium II
EDSA corner Mapagmahal St. Diliman, Quezon City
Tel.: 63-2-925-0330 / 925-0331, Fax: 63-2-925-0332
E-mail: osec@dilg.gov.ph
Web site: http://www.dilg.gov.ph

Department of Justice (DOJ)
DOJ Bldg., Padre Faura, 1004, Manila
Hotline: 63-2-5216264, Fax: 63-2-32521-1614
Email: sechbp@infocom.com.ph
Web site: http://www.doj.gov.ph

Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)
Room 401, 4th Floor OWWADEC Bldg.
7th cor. F.B. Harrison Street, Pasay City
Tel.: 63-2-834-0148, Fax: 63-2-833-0187
OWWA HOTLINES: 551-156 / 551-6641
E-mail: admin@owwa.gov.ph
Web site: http://www.owwa.gov.ph

Department of Social Welfare and Development
Council for the Welfare of Children
DSWD Bldg., Constitution Hills, Batasan Complex, Quezon City
Tel./Fax: 63-2-743-8374
Missing Children Hotline by e-text: 09189333793
Direct Line: 63-2-740-8863, 781-1040
E-mail: cwc@info.com.ph
Web site: http://www.cwc.gov.ph/

Philippine Center on Transnational Crime (PCTC)
Deputy Executive Director for Operations
2/F, Computer Service Bldg. Camp Crame, Quezon City
Tel.: 63-2-724-2362; 63-2-723-0401 to 20, Fax: 63-2-724-8775
E-mail: center@pctc.gov.ph
Web site: http://www.pctc.gov.ph/

Philippine National Police
Camp Crame, Quezon City
Tel.: 63-2-723-0401 to 20
E-mail: webmaster@pnp.gov.ph
Web site: http://www.pnp.gov.ph/

Philippine Overseas Employment Administration (POEA)
POEA Bldg. Ortigas, Mandaluyong City
Tel.: 63-2-722-1182 (Welfare Assistance Division)
Fax: 63-2-722-1159; 63-2-724-3724
E-mail: info@poea.gov.ph
or poeainfocenter@yahoo.com
Web site: http://www.poea.gov.ph

NGOs and International Organizations

Asia ACTs Against Child Trafficking
International Campaign Against Child Trafficking (ICaCT)
Rm. 224 LTM Bldg., Luzon Avenue, Quezon City
Tel.: (63-2) 951-9982, Tel/Fax: (63-2) 952-0280
E-mail: asia.acts@stopchildtrafficking.info or
act-seasia@pacific.net.ph
Web site: www.stopchildtrafficking.info

Coalition Against Trafficking in Women- Asia Pacific (CATW-AP)
116 Maginahawa St. Teacher's Village, Quezon City
Tel.: (63) 2 426 9873, Fax: (63) 2 434 2149
E-mail: catw-ap@catw-ap.org or catwap@skyinet.net
Web site: http://www.catw-ap.org

End Child Prostitution, Child Pornography and the Trafficking of Children for Sexual Purposes (ECPAT)
123 V. Luna Road Extension Sikatuna Village,
Quezon City
Tel.: 63-2-925-2803/ 925-2804, Fax: 63-2-433-1150
E-mail: ecpatphi@pworld.net.ph
Web site: www.ecpat.net

International Organization for Migration (IOM)
25th Floor, Citibank Tower Condominium
8741 Paseo de Roxas, Makati City 1226 Philippines
Tel.: 63.2.8481260, Fax: 63.2.8481257
E-mail: mrfmanila@iom.int
Web site: http://www.iom.org.ph

Kanlungan Centre Foundation
77 K-10 St., East Kamias, Quezon City
Tel.: 928-2384, Fax 433-0953
E-mail: kcfi@philonline.com.ph
Web site: http://www.kanlungan.ngo.ph

Scalabrini Migration Center
Scalabrini Migration Center (SMC)
No. 4, 13 Street, New Manila, Quezon City
Tel.: 63-2-724-3512, Fax: 63-2-721-4296
E-mail: smc@smc.org.ph
Web site: http://www.smc.org.ph

Third World Movement Against the Exploitation of Women
41 Rajah Matanda St., Project 4 Quezon City
Tel.: 63-2-913-9255, Fax: 63-2-913-6435
E-mail: perpinan@csi.com.ph
Web site: http://www.tw-mae-w.org/